

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Pahayag ng Lungsod ng Brampton tungkol sa kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa Brampton Transit

BRAMPTON, ON (Hunyo 24, 2020) – Sa araw na ito, ipinaalam sa Lungsod ng Brampton na ang isang Transit Operator mula sa Pasilidad nito sa Sandalwood ay nasuring positibo sa COVID-19.

Agad nang maabisuhan ang Lungsod, nakipag-ugnayan kaagad ang staff sa Peel Public Health.

Ang apektadong indibidwal ay nagtrabaho sa rutang 502 Züm Main sa umagang ito at sa sumusunod na mga ruta kahapon, Hunyo 23:

- Route 502 Züm Main
- Route 511 Züm Steeles
- Route 4 Chinguacousy

Ang operator ay ibubukod ang sarili mula sa iba sa loob ng 14 na araw. Sa panahong ito, ang prayoridad ng Lungsod ay magbigay ng suporta sa indibidwal na ito at kanilang pamilya, at patuloy na tumulong sa pagprotekta sa kaligtasan at kalusugan ng ating mga empleyado, customer at komunidad.

Ang mga tao na nagbiyahe sa mga bus na nirebyu sa mga araw sa itaas na maganda ang pakiramdam, walang mga sintomas, ay dapat magpatuloy sa kanilang araw-araw na mga regular na gawain at huwag tumawag sa Public Health. Ang mga taong magkakaroon ng mga sintomas ay hinihiling na tumawag sa Public Health. Kung mangangailangan ka ng emergency na medikal na tulong, pakitawag sa 911.

Ipinahihiwatig din ng Peel Public Health na walang karagdagang panganib sa isang pampublikong transit bus kung ihahambing sa panganib na nasa pangkalahatang komunidad.

Sa nakaraang buwan, hinihiling ng Lungsod ng Brampton sa lahat ng empleyado na magpa-test para sa COVID-19 sa kanilang lokal na health unit. Ang hiling na ito ay sumunod sa pasya ng Pamahalaan ng Ontario na magbigay ng karagdagang kapasidad ng pagsusuri at suriin ang lahat ng indibidwal na humiling nito.

Sa darating na mga linggo, ang Brampton Transit ay magbibigay ng on-site testing sa mga pasilidad nito at magpapatuloy sa paghikayat sa maagap na pagpapa-test ng lahat ng empleyado.

Habang dahan-dahang nagbubukas ang Lungsod, ginagawa nito ang bawat kailangang mga hakbang para makatulong sa pagprotekta sa mga empleyado, mga customer at sa komunidad laban sa pagkalat ng COVID-19.

Nananatiling ginagawa ang pinaigting na iskedyul ng paglilinis at pag-sanitize para sa Brampton Transit. Layunin ng Brampton Transit na i-disinfect ang lahat ng matitigas na mga surface, mga

compartment at mga upuan ng operator kada 48 oras. Sa panahong ito, ang mga bus ay dini-disinfect kada 24 oras. Ang mga pasilidad at mga lunchroom, mesa, counter at hawakan ng pintuan ng terminal ay nililinis at dini-disinfect dalawang beses kada araw.

May patnubay ng Peel Public Health, hinihikayat ng Lungsod ng Brampton ang lahat na magsuot ng hindi medikal na mask, lalo na sa mga lugar kung saan maaaring mahirap ang paglayo mula sa iba. Kung posible, hinihikayat ng Lungsod ang mga rider na panatilihin ang paglayo mula sa iba sa pamamagitan ng pananatili ng pinakamababa dalawang metro (anim na piye) ang layo mula sa isa't isa sa mga terminal, at mga bus stop, kahit na nakasuot ng mask. Pinaalalahanan ang mga rider ng magdala ng kanilang personal na disinfectant, tulad ng hand sanitizer o wipes, kapag nagbibiyaha, hugasan nang madalas ang kanilang mga kamay, at umubo o bumahing sa kanilang siko.

Simula Huwebes, Hulyo 2, ibabalik na ang pagbabayad sa pamasaha at ang pagsakay padaan sa pintuan sa harap. Kasunod ng matinding rekomendasyon ng Peel Public Health at ng Pamahalaan ng Ontario na magsuot ng mask sa mga pampublikong sasakyan, magiging mandatoryo para sa mga rider at operator ng Brampton Transit na magsuot ng mga hindi medikal na mask sa mga bus at mga terminal simula Hulyo 2 para makatulong sa pagpigil ng pagkalat ng COVID-19.

Kahit na mandatoryo ang mga mask, ang mga bata o ang mga may kapansanan o iba pang mga medikal na kondisyon na pumipigil sa kanila na magsuot ng mask ay hindi kinakailangang magsuot ng mask.

Mahigpit na nakikipagtulungan ang Lungsod ng Brampton sa mga partner nito sa Peel Public Health at sa Brampton Emergency Management Office para patuloy na subaybayan ang mga panganib. Bisitahin ang www.brampton.ca/COVID19 para sa mga regular na update at bisitahin ang www.bramptontransit.com o sundan ang @bramptontransit sa Twitter para sa mga update ng serbisyo. Maaaring ipaabot ang mga tanong sa Contact Center ng Brampton Transit sa 905.874.2999.

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca